# Mga Pangunahing kailangan ng Taga-empleyo - Seguro sa Kabayaran ng Mga Manggagawa

Ang lahat ng taga-empleyo sa Kanlurang Australia ay inaatasang magkaroon ng seguro sa kabayaran ng mga manggagawa para sa kahit sinumang tinutukoy na manggagawa sa ilalim ng *Batas ng Kabayaran ng Mga Manggagawa at Pamamahala ng Pinsala 2023 (Workers Compensation and Injury Management Act 2023* (the Act)).



## Ano ang kabayaran ng mga manggagawa?

Ang kabayaran ng mga manggagawa ay isang pinansyal na bayad-pinsala na ibinibigay sa mga manggagawa na nagkaroon ng pinsala dahil sa kanilang trabaho at maaaring kabilang ang:

- mga bayad-pinsala sa kita upang maisauli ang pagkawala ng mga kinita
- tulong sa mga gastusin sa pagpapagamot at kaugnay na gastos
- tulong sa rehabilitasyon sa lugar ng trabaho para makabalik sa trabaho
- isang bigayan na malaking bayad, sa ilang mga kalagayan.

Ang sinumang manggagawa na dumanas ng kaugnay-sa trabahong pinsala na nangangailangan ng pagpapagamot o lumiban sa trabaho ay kwalipikadong magsalang ng paghahabol sa kabayaran ng mga manggagawa (workers compensation), maging sinuman ang may kasalanan.

**Sapilitan ang seguro sa kabayaran ng mga manggagawa at pinoprotektahan ang mga taga-empleyo sa gastos ng mga paghahabol sa kabayaran ng mga manggagawa at karaniwang batas.**

Ang mga paghahabol sa kabayaran ng mga manggagawa ay maaaring umabot sa daang-libong dolyar. Kung hindi nakaseguro, ikaw ang mananagot sa lahat ng mga gastusin kaugnay ng paghahabol.

Mga pagmumulta na aabot sa $10,000 kada manggagawa ay inilalapat sa pagkabigong magkaroon ng kinakailangang paseguro.

## Sino ang dapat kong pasaklawan ng seguro?

Ang taga-empleyo ay dapat magtakda sa pagkakaroon ng seguro sa kabayaran ng mga manggagawa para sa kahit sinumang tinutukoy na manggagawa sa ilalim ng Batas.

Kabilang dito ang:
- mga manggagawa na buong-oras na swelduhan o sinasahuran
- mga manggagawa na di-buong oras, kaswal, at pana-panahon (seasonal)
- mga manggagawang nangungumisyun (commission)
- mga manggagawa na paisa-isang trabaho.

Sa ilang kalagayan ay maaaring kabilang din ang:
- mga kontratista at subkontractor
- Mga nagtatrabahong direktor.

Kung hindi nakatitiyak sa iyong mga katungkulan ng pagbibigay sa mga manggagawa ng seguro sa kabayaran para sa sinumang inimpleyo o kinasundo mo, tawagan ang aming Serbisyo sa Payo at Tulong (Advice and Assistance Service).

## Paaano ako makakakuha ng isang polisiya ng seguro?

Ang isang listahan ng mga aprubadong taga-pasegurong kompanya na matatawagan mo para makahingi ng presyo ng bayad sa seguro ay makukuha sa aming website.

O bilang kapalit, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng isang ahente sa seguro na makipag-ayos sa isang taga-pasegurong kompanya para sa iyo.

**Kapag nakabayad ka na ng isang polisiya, ang katunayan ng iyong paseguro ay isang Sertipiko ng Napapanahon (Certificate of Currency) na inisyu ng tagapaseguro na nagtatakda ng kompanyang nakaseguro at ang panahon ng sinasaklawan ng polisiya.**

Hindi katulad ng ibang mga seguro, ang seguro sa kabayaran ng mga manggagawa ay hindi awtomatikong nagpapabago ng panahon. Bawa't taon, kailangang mo mismong ipabago ng sarili ang polisiya at tumanggap ng inisyu ng tagapasegurong kompanya na bagong Certificate of Currency.

Ang mga pakete ng paseguro sa negosyo ay kalimitang hindi nagsasali ng seguro sa kabayaran ng mga manggagawa at ang seguro sa pampublikong pananagutan ay hindi nagsasaklaw ng mga paghahabol ng kabayaran sa manggagawa. Tiyakin mong usisain kung nasa tamang lugar ba ang mga sinasaklawan.

## Kailangan ng karagdagang tulong?

Para sa karagdagang impormasyon, kabilang ang isang paliwanag tungkol sa Proseso ng Mga Pahahabol, tingnan sa aming website ang *Workers Compensation and Injury Management: A Guide for Employers*.

Tawagan ang Serbisyo ng Payo at Tulong ng WorkCover WA sa **1300 794 744.** May makukuhang mga serbisyo para sa interpreter.

Bisitahin ang **workcover.wa.gov.au**

**TAGALOG**